



Mga Pagsusuri

HIV Resistance Testing

Ano ang resistance?

Ang resistance ay nangyayari kung ang isa o mahigit sa isang gamot sa HIV ay mahina para lubusang patigilin ang HIV sa pagpaparami. Kung ang HIV ay lumalaban sa gamot, ito'y mabilis na dadami kung iniinom mo ang naturang gamot na ito. Sa tuwing dumadami ang HIV, nagkakaroon ito ng pagbabago at nag-iiba ang anyo nito. Ang ilan sa mga pagbabagong ito ay makatutulong sa HIV para lumaban sa mga gamot kahit na ang orihinal na anyo ng virus ay hindi lumalaban. Habang tumatagal, ang mga virus na lumalaban ang siyang nagiging pangunahing uri at patuloy na magpaparami nang mabilisan kahit na patuloy ang pag-inom ng mga gamot laban sa HIV.

Ang resistance sa mga gamot laban sa HIV ay nangyayari:

- Kung mahahawa sa ibang uri ng HIV na mayroon ng abilidad na lumaban sa gamot.
- Kung hindi iniinom ang lahat ng mga gamot laban sa HIV nang palagian, maaaring magkulang ang gamot na napupunta sa katawan para pigilin ang virus sa pagdami. Hangga't dumarami ang HIV, higit na maraming pagbabago sa virus ang nangyayari. Ang ilan sa mga pagbabagong ito ay magiging dahilan ng resistance.

Ano ang HIV resistance testing?

Ang HIV resistance testing ay isang pagsusuri na nagbibigay ng impormasyon tungkol sa iyong HIV kung ito ay lumalaban sa iba't-ibang uri ng mga gamot laban sa HIV. Ang pagsusuring ito ay isinasagawa sa dugo.

May dalawang paraan ng pagsukat sa HIV resistance: **genotypic testing** at **phenotypic testing**.

Ano ang sinusukat ng mga pagsusuri?

Ang genotypic testing ay di-tuwirang paraan ng pagsukat sa resistance. Ang pagsusuring ito ay naghahanap ng natatanging pagbabago sa HIV genes. Bawa't pagbabago na napag-alaman na ay binibigyan ng code (tulad ng K103N). Sa dahilang nalaman na sa ibang pag-aaral na may mga natatanging pagbabago na nauugnay sa resistance sa bawa't gamot laban sa HIV, ang kaalaman tungkol sa kung anong klaseng pagbabago ang nangyayari sa virus ay makatutulong para hulaan kung anong gamot ang nagiging sanhi ng resistance.

Ang phenotypic testing ay mas tuwirang paraang ng pagsukat sa resistance. Sinusukat nito ang dami ng gamot na kailangan para mabawasan ang pagdami. Kapag ang virus ay nagkaroon na ng resistance sa gamot, kailangan na ng mataas na dosis ng gamot para patigilin ang virus sa pagdami. Ang resulta ng pagsusuri ay nasa anyo ng bilang. Halimbawa, ang bilang na 15 ay nangangahulugang 15 beses dumadami ang virus kung umiinom ng gamot. Nangangahulugan din itong kailangang dagdagan ng 15 beses ang karaniwang dami ng gamot para mapigil ang pagdami ng virus. Ang tawag dito ay 15-fold resistance.

Ang ikatlong uri ng pagsusuri, ang virtual phenotype test ay ang pinagsamang kaalaman mula sa dalawang pagsusuring nabanggit sa itaas. Una, ang genotypic testing ay ginagawa sa dugo. Ang resulta ay inihahalintulad sa resulta ng mga nakaraang phenotypic test na isinagawa. Ang



magkatulad na report o ulat ng phenotypic test mula sa mga naipong resulta ay ginagamit para alamin kung paano aasal o kikilos ang virus.

Kailan dapat gawin ang resistance test?

Sa kalahatan, ang HIV resistance test ay ginagawa sa tuwing magpapalit ng kombinasyon ng gamot laban sa HIV; kadalasan kung ang viral load ay lumalampas sa 1,000 copies/ml.

Ang resistance testing ay makatutulong din sa pagpili ng unang kombinasyon ng gamot laban sa HIV para makita kung ikaw ay impektado na ng mga virus na lumalaban na sa gamot.

Anu-ano ang mga suliranin sa pagsusuring ito?

May ilang suliraning sa pagsusuri sa HIV resistance:

- May mga lugar na wala nito.
- Mahal ang bayad dito.
- Maaaring abutin ng dalawa hanggang tatlong buwan bago makuha ang resulta.
- Ang mga resulta ay hindi palaging malinaw at mahirap intindihin.
- Ang pagsusuri ay hindi gagana kung ang viral load ay mas mababa sa 1,000 copies/ml
- Ang resistance test ay hindi palaging gumagana doon sa mga HIV strains na hindi galing sa mga bansa sa Americas, Western Europe o Australia.

Kahit na hindi ibinibigay ng resistance testing ang lahat ng kasagutan, maaari pa rin itong makatulong. Alalahaning hindi lamang resistance ang tanging dahilan kung bakit nagwawalang-bisa ang gamot. May iba pang dahilan kung bakit hindi gumagana ang gamot tulad ng: pagsala sa pag-inom nito, kulang na dami ng gamot na nasisipsip ng katawan, at mga drug interaction. Sa pagpapasya kung papalitan ang gamot, pag-isipan ang mga resulta ng mga pagsusuri at gayundin ang buong kalusugan ng pasyente; kailangan ding suriing muli ang lahat ng gamot na iniinom laban sa HIV.

Paano ko maiiwasan ang resistance?

Ang pinakamabuting paraan para maiiwasan ang resistance ay ang pagpigil sa HIV sa pamamagitan ng pag-inom ng nababagay na gamot laban dito nang tama at walang sala ayon sa hatol ng iyong doktor. Tinatawag ito “adherence to treatment”. Kung hindi gaanong dumadami ang HIV, mababa ang pagkakataon na magbago ito na maaaring mauwi sa resistance.

Copyright @ACAS 2001 & 2003. This fact sheet is produced by ACAS (Asian Community AIDS Services) and is available in English, Chinese (Traditional and Simplified), Tagalog and Vietnamese. Funding for this project is provided by the Ontario HIV Treatment Network (OHTN) and Health Canada. Copies can be downloaded at : www.acas.org/treatment. ACAS provides comprehensive support and case management services for Asian people living with HIV/AIDS; and HIV/AIDS prevention education to the east and southeast Asian Canadian populations in the Greater Toronto Area. ACAS is located at 33 Isabella Street, Suite 107, Toronto, Ontario M4Y 2P7. Tel: (416)-963-4300, Fax: (416)-963-4371 Email: support@acas.org

Legal Disclaimer: While we make every attempt to ensure the accuracy and reliability of information contained in this website/ fact sheet, the information provided here are designed for reference purposes only. These information should not be relied upon as a substitute for medical advice from a qualified professional health care provider and should not be used for diagnosing or treating a condition or illness. Please consult a physician if you have any concerns about your health, treatment regimen and questions related to HIV/AIDS. ACAS, its employees and board members will not be responsible for any loss or harm, however arising, from the use of, or reliance on this information.